Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang Katanungan (FAQ)
MGA DOSIS NG PAMPALAKAS NA BAKUNA (BOOSTER)

Para makita ang mga ito at iba pang mga Kadalasang mga Katanungan (FAQ) online, bisitahin ang COVID-19 vaccine webpage.

Bakit mahalaga ang dosis ng pampalakas na bakuna (booster) ng COVID-19?

Ang mga dosis ng Pampalakas na Bakuna (Booster) ay ginagamit para sa maraming magkakaibang mga bakuna para makapagbigay ng patuloy na proteksyon laban sa malubhang sakit.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay patuloy na gumagana ng maayos sa pagpoprotekta sa mga tao mula sa malubhang sakit. Subalit habang tumatagal, ang antas ng proteksyong ito ay maaaring humina. Ang pagpapabakuna ng pampalakas na bakuna ng COVID-19 ay mahalaga dahil pinapalakas nito ang iyong imyunidad. Nagbibigay ito sa iyo ng mas mahusay na proteksyon mula sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman, pagkakahospital, at kahit na pagkamatay.

Kunin ang dosis ng pampalakas na bakuna na inirerekomenda para sa iyo (tingnan sa ibaba).

Ano ang binagong pampalakas na bakuna sa COVID-19?

Ang binagong pampalakas na bakuna ay kilala ring pampalakas na bakunang “bivalent”. Ito ay bakunang binago para puntiryahin ang parehong orihinal na uri ng COVID-19 virus pati na rin ang BA.4 at BA.5 na baryanteng omicron.

Makakatulong ang mga binagong mga pampalakas na bakuna na maibalik ang proteksyon laban sa COVID-19 na bumaba sa paglipas ng panahon. Maaari rin silang magbigay ng mas malawak na proteksyon laban sa mga mas bagong baryante.

Ang lahat ng dosis ng pampalakas na bakuna ng Pfizer at Moderna ay ang nabagong (bivalent) mga bakuna. Ang orihinal (monovalent) na mga pampalakas na bakuna ng Pfizer at Moderna ay wala na. Ang pampalakas na bakuna ng Novavax ay isang orihinal (monovalent) na bakuna.

Sino ang dapat kumuha ng dosis ng pampalakas na bakuna ng COVID-19?

Ang binagong mga pampalakas na bakuna (bivalent) ay inirerekomenda para sa lahat na may edad 6 na buwan pataas, na may isang eksempsyon. Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang na nakatapos ng mga pangunahing serye ng bakuna ng Pfizer ay hindi kwalipikado para sa isang dosis ng pampalakas na bakuna sa ngayon.

Inirerekomenda ang isang binagong pampalakas na bakuna nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng huling dosis ng bakuna sa COVID-19 (alinman sa panghuling dosis ng pangunahing mga serye o ang huling orihinal na pampalakas na bakuna [monovalent]). Ito ay hindi alintana kung gaano karaming orihinal na mga pampalakas na bakuna (monovalent) o kung anong uri ng (mga) bakuna ang natanggap sa nakaraan. Ang mga batang edad 11 pababa ay nakakakuha ng mas kakaunting dosis ng binagong pampalakas na bakuna kaysa sa mga tinedyer at matatanda.

Edad 5 taong gulang pataas

- Ang mga batang edad 5 taong gulang na nakakumpleto ng mga pangunahing serye ng Moderna ay maaaring makakuha ng alinman sa Pfizer o Moderna ng binagong pampalakas na bakuna.
- Ang mga batang edad 5 taong gulang na nakakumpleto ng mga pangunahing serye ng bakuna ng Pfizer ay nakakakuha ng binagong pampalakas na bakunang Pfizer.
- Ang lahat ng may edad 6 taong gulan pataas ay maaaring makakuha ng binagong pampalakas na bakuna ng Pfizer o Moderna.

Edad 6 na buwan - 4 na taong gulang

• Ang mga batang nakakumpleto ng mga pangunahing serye ng bakuna ng Moderna ay maaaring makakuha ng binagong pampalakas na bakuna ng Moderna.

• Ang mga bata na nakakumpleto ng mga pangunahing serye ng mga bakunang Pfizer ay hindi kwalipikado para sa dosis ng pampalakas na bakuna sa ngayon. Tandaan: ang mga pangunahing serye ng Pfizer para sa pangkat ng edad na ito ay may kasama na ngayong bakunang bivalent (binago) para sa ika-3 dosis.

Alternatibong opsyon sa pampalakas na bakuna para sa ilang partikular na taong edad 18 taong gulang pataas

Ang mga taong edad 18 taong gulang pataas ay maaaring tumanggap ng bakunang Novavax (monovalent) bilang pampalakas na bakuna sa halip na makuha ang inirerekomendang binagong pampalakas na bakunang Pfizer o Moderna kung matutugunan nila ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

1. Hindi nila kaya o ayaw tumanggap ng binagong pampalakas na bakuna (halimbawa, kung sila ay may malubhang alerdyi sa mga bakunang mRNA na Pfizer at Moderna); AT
2. Nakumpleto na nila ang mga pangunahing serye ng pagbabakuna; AT
3. Hindi pa sila nagkakaroon ng pampalakas na bakuna (booster) dati.

Ang pampalakas na bakunang Novavax ay ibinibigay nang hindi bababa sa 6 na buwan pagkatapos makumpleto ang huling dosis ng mga pangunahing serye.

Bisitahin ang inter-aktibong *ALamin Kung Kailan Makakakuha ng Pampalakas na Bakuna* na kasangkapan (tool) sa webpage ng CDC na Manatiling Napapanahon sa mga Bakuna ng COVID-19 Kabilang ang mga Pampalakas na Bakuna (Boosters) para malaman kung kailan ka (o iyong anak) pwedeng kumuha ng pampalakas na bakuna.

Makipag-usap sa iyong doctor kung mayroong kang mga katanungan.

Pwede ba akong makakuha ng pampalakas na bakuna kung nagkaroon ako ng COVID?

Oo, dapat kang kumuha ng pampalakas na bakuna pagkatapos mong magkaroon ng COVID-19. Inirerekomenda na manatili kang napapanahon sa mga bakuna ng COVID-19, kabilang ang mga pampalakas na bakuna kahit na nagkaroon ka na ng COVID-19. Dahil ito ay nagbibigay ng karagdagang proteksyon.

Kung nagkaroon ka na kamakailan ng COVID-19, maaari mong isaalang-alang ang pagpapaliban ng dosis ng bakuna (pangunahing mga serye o pampalakas na bakuna) ng 3 buwan mula nang magsimula ang iyong mga sintomas o noong una kang nagkaroon ng positibong pagsusuri (kung wala kang anumang mga sintomas). Ang iyong panganib na muling maimpeksyon ay malamang na hindi mangyari sa unang ilang

buwan pagkatapos ng kamakailang impeksyon sa COVID-19. Ang mas mahabang panahon sa pagitan ng impeksyon at pagkuha ng bakuna ay maaari ring magresulta sa mas mahusay na pagtugon ng imyunidad. Gayunpaman, hindi mo dapat ipagpaliban ang dosis nang higit sa 3 buwan at magiging ligtas na makatanggap ng bakuna nang mas maaga.

Kung mayroon kang COVID-19 ngayon, maghintay ka hanggang sa ikaw ay makatapos na ng pagbubukod bago kumuha ng dosis ng COVID-19. Ito ay para hindi mo maikalat ang COVID-19 sa mga manggagawang nag-aalaga ng pangkalusugan (healthcare worker) at iba pa kapag nagpabakuna ka.

Ano ang mga panganib kapag nagpabakuna ng pampalakas na bakuna?

Ang mga reaksyon pagkatapos ng mga dosis ng pampalakas na bakuna ay katulad ng pagkatapos ng mga pangunahing dosis. Ang karamihan sa mga epekto ay banayad hanggang katamtaman at tumatagal ng 2 araw o mas madali pa. Tulad ng mga pangunahing serye, bibihira ang malubhang epekto. Para sa mas marami pang mga detalye, bisitahin ang webpage ng CDC Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19. Ang mga benepisyo ng pagkuha ng dosis ng pampalakas na bakuna ay mas matimbang kaysa sa anumang nalalaman at potensyal na panganib.

Kakailanganin ko bang magpakita ng sulat ng doktor o reseta sa gamot para makakuha ng dosis ng pampalakas na bakuna (booster)?

Hindi, hindi mo na kailangan ng sulat ng doktor o reseta sa gamot para makakuha ng dosis ng pampalakas na bakuna (booster)**.** Kapag pumunta ka sa lokasyon, dalhin ang pruweba ng pagpapabakuna katulad ng iyong puting tarheta ng CDC (CDC white card) o talaang digital ng bakuna (digital vaccination record). Bisitahin ang Pampublikong Kalusugan (Public Health) sa webpage na Paano Magpapabakuna para sa mas marami pang impormasyon.

Saana ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?

- Para ilimbag (print) o makita itong Madalas na Katanungan (FAQ) o Mga Madalas na mga Katanungan (FAQs) sa iba pang paksa ng bakuna sa COVID-19, i-iskan ang QR na kodigo o bisitahin ang Mga Kadalasang mga Katanungan sa Bakuna ng COVID-19.
- Sa CDC webpage na Manatiling Napapanahon sa mga Bakuna ng COVID-19 Kabilang ang Pampalakas na Bakuna (Boosters).
- VaccinateLACounty.com – Kabilang ang Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19 na may larawan para ipakita kung kailan ang bawat dosis ay nakatakda at impormasyon kung Paano Magpapabakuna.
- Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.